

1

“Na naman!” Isang not-so-good task ang nabasa ni Anji sa kanyang *Microsoft Outlook* inbox nang umagang iyon.

First routine niya sa araw-araw na pagpasok sa planta ang mag-check ng e-mail para updated siya sa mga special at biglaang tasks na iutos ng mga katrabahong nakatataas sa kanya. Medyo outdated ang written memo na dating nadaratnan niya sa ibabaw ng office table.

Please be advised that we will be conducting an urgent Orientation and Training for the newly hired contractual employees tomorrow.

Inulit niyang basahin ang mensahe ng kanilang human resources officer dahil baka nagkamali lang siya. Paano, pangatlong batch na ng orientation para sa linggong ito kung saka-sakali. Dati-rati ay once a month lang kung idaos ito.

Bilang isa sa mga senior quality assurance

analyst ng *Jin-Xiang Electronics Philippines*, siya ang napa-assign sa pag-lecture tungkol sa Integrated Management Policy na mahigpit na ipinatutupad ng kompanya. Kapag minamalas, siya pa rin ang ginagawang in-charge sa training ng mga bagong pasok na empleyado ng Quality Control at Quality Assurance Aid.

Nakasimangot na nag-reply siya ng *Noted, Ma'am* with an insincere smiley sa sender ng e-mail.

“Patricia, baka may sakit nga pala ako bukas,” tawag-pansin niya sa kaibigang kapwa QA. Naisip niyang mag-imbento ng dahilan para makaranas ding maging lecturer ang iba niyang kasamahan. “If ever absent ako, bahala na muna kayo sa orientation, ha?”

“Wow naman, Anji! Parang production run lang. Pre-determined at may forecast of schedule,” makulit na tugon nito at ni hindi nag-abalang tapunan ng tingin ang kausap.

Nakakaumay na talagang mag-orient. I'm beginning to hate it! patuloy niyang himutok sa sarili.

Sa mahigit isang taon niyang pag-lecture ay saulado na niya ang nilalaman ng buong module. Kaya kahit walang *PowerPoint* presentation at kahit sa ilalim ng punong mangga ay makakaya niyang

mag-conduct ng orientation.

Mayamaya pa ay may narinig siyang tumikhim sa kanilang likuran at nang lingunin ito ay nakita niya si Lu-Chen Hsi, isa sa mga exchange employees ng kompanya mula sa main plant nito sa Taiwan.

“Good morning, Anji...” nakangiting bati nito na lalong ikinaliit ng singkit na mga mata.

“Good morning too, Engr. Hsi.” Pilit siyang ngumiti at pinasigla ang tinig. *Taiwanese nga pero Intsik pa rin. Que agang manligaw...*

“Flowers and chocolates.” Punung-puno ng antisipasyong iniabot nito sa dalaga ang hawak.

Hindi kaagad kinuha ni Anji ang iniaabot ng inhinyero. Minsan na niyang kinausap ito na tigilan na ang panliligaw sa kanya dahil hanggang friendship lang ang maibibigay niya sa lalaki. Siguro ay talagang malakas lang ang tama nito sa kanya.

Ilang buwan na rin itong nanliligaw kay Anji, pero wala siyang madamang anumang romantic feeling para rito. Guwapo at mukha namang mabait si Lu-Chen, ngunit bakit kaya hindi niya ito makuhang mahalina?

“From a friend, Sir Lu-Chen?” paglilinaw ni Anji.

Mahirap nang ma-misinterpret nito ang pagtanggap niya sa mga ibinibigay nito.

Napakamot na lang sa ulo ang masugid na manliligaw. “Okay, okay.” Matamis pa rin ang pagkakangiting iniabot nito sa dalaga ang bulaklak at tsokolate.

Pagkaraang pasalamatan ay inalok niya ang kausap na maupo sa bakanteng swivel chair sa kabilang cubicle pero tumanggi ito.

“I won’t be long, Anji. I just want to ask if you are free tomorrow.”

Ayan na. Sinasabi ko na nga ba at yayayain na naman ako nitong lumabas! Blessing in disguise din naman pala ang schedule bukas. Kung malalaman nitong hindi siya papasok ay tiyak na pupuntahan siya nito sa bahay. Mas gugustuhin pa niyang dumaldal maghapon sa orientation kaysa makipag-date dito. “No, Sir. Tomorrow is going to be a very busy day for me.”

Sa sinabi ay kaagad nag-react si Patricia.

“Akala ko ba may sakit ka bukas?” pambubuska nito.

Hindi na niya ito sinaway dahil tiyak namang

hindi sila naiintindihan ng binata.

“Hindi ba p’wedeng i-undo? Control-Z lang naman ’yon,” aniya bago nakangiting pinagpaliwanagan ang suitor kung bakit kailangan niyang pumasok bukas kahit Sabado.

Isa sa mga privileges niyang kaakibat ng posisyon ay hanggang Biyernes lang ang pasok niya at considered as overtime kung papasok siya ng weekends.

Bigong umalis ang engineer pero kagaya pa rin ng dati ay buong pagpapakumbaba siya nitong inunawa.

“Kawawa naman si Papa Chen,” ani Patricia pagkaalis ng Taiwanese engineer. “Kung ako na lang sana ang niligawan niya, ewan ko lang kung hanggang saan na kami nakaabot.” Bumungisngis pa ito bago ipinagpatuloy ang litanya. “Huwag ka na kasing magma-choosey, Andrea Jimenez. Sige ka, pag napansin niya ang kagandahan ko, wala ka nang habol.”

“Okay lang, Pat. Iyong-iyo na siya,” ganting biro niya.

“Pero agree ako kay Boss Randy. Bagay na bagay kayo ni Engineer Chen kaya dapat An-chen na ang

tawag sa 'yo at hindi An-ji. "Tsaka buhay-prinsesa ka d'on, 'Te."

She wondered, magkano kaya ang isinuhol ng Taiwanese sa kanyang immediate superior at kay Pat para maging backer? "Whatever..." pagpapawalang-bahala na tugon niya, sabay abot ng isang bahagi ng tsokolate sa kaibigan. "Basta, I'll stick with the old principle and rule. Magpapakasal ako dahil sa pagmamahal at hindi dahil sa pera. Clear?"

"Hmph! Bagay nga sa 'yong maging QA. Masyado kang conformist. Paminsan-minsan, try mo ding lumabag sa kalakaran, friend. FYI, rules are like promises made to be broken."

Conformist? Lihim na napangiti si Anji sa salitang binanggit ng kausap. "Pat, sa ating mga QA at QC, any non-conformance is a crime."

"Kaya walang tumatagal na boyfriend sa 'yo dahil pati pagiging quality analyst mo'y ina-apply mo sa relasyon n'yo," pabulong nitong sabi, sabay kuha sa isa pang chocolate bar. "Akin na lang 'tong white *Toblerone*. Sabi sa rule, bad sa health ito kapag sumobra." Mabilis na itong tumalilis pagkasabi niyon.

Sanay na siyang laging ibinibiro ni Pat sa kanya ang gayon. Ang hindi nito alam ay totoong ang

pagiging natural conformist niya ang dahilan ng breakup nila ng kanyang first boyfriend at ng dalawa pang sumunod dito.

She was simply comfortable in following rules than violating it. Besides, nauunawaan naman niyang para rin sa ikabubuti ang nakararaming moral norms and social standards.

Pinalaki silang magkakapatid ng kanilang mga magulang na nababakuran ng mga alituntunin. Dominante ang ama nilang law-maker ng pamilya, isa itong sundalo. Their mother, a public school teacher, was very submissive and always saw to it na lahat silang magkakapatid ay sumusunod sa patakaran.

May oras sila sa pagkain, pagtulog, pag-aaral at paglalaro. May tamang courtesy sa pakikipag-usap sa nakatatanda. May tamang oras para sa love life.

Sa huling nabanggit ay nagawa niya itong labagin nang palihim. Nagsilbing aral naman iyon sa kanya para lalong maging masunurin sa magulang. Despite that, she really loved and adored her parents.

Paminsan-minsan ay nakakaranas din siya ng panghihinayang sa naunyang love story ng buhay niya dahil totoong minahal niya ang unang kasintahan.

Right, minahal. Past tense with a period.

Wala sa loob na napabuntong-hininga si Anji nang marinig ang kanyang pangalan sa paging system ng planta. *“Andrea Jimenez, you are urgently needed at the component loading area. Please proceed ASAP.”*

Nagmamadali niyang isinuot ang anti-static robe at ang katerno nitong bandana. Bahagya siyang nakaramdam ng pagkayamot nang hindi niya makita sa ilalim ng table ang sariling ESD slippers. Hindi siya makalulusot sa automated barricade sa bukana ng production area nang hindi iyon suot.

“May humiram ba sa inyo ng tsinelas ko?”

“Naku, Ma’am Anji, pasensya na. Nakalimutan kong banggitin sa inyo. Ipinahiram ni Sir Randy sa bisita. Heto po munang sa akin ang gamitin ninyo.”

Ipapahiram mo rin lang pala ang tsinelas mo, bakit hindi pa doon sa bisita? Kung hindi lang hamak ang tanda sa kanya ng kausap ay baka naisatinig na niya iyon. “Salamat, Ate Rosie. Sino ba ’yung special na bisita ni Sir?”

“Sekretarya ng contractor. Eh, gusto rin daw makapasok sa loob kaya pinagbigyan na ni Bossing.”

Parang mga robot na kusang nagsikilos ang mga production workers nang ma-sense ng radar nila ang pagdating ng babaeng nakasuot ng light blue checkered bandana. Sa isang iglap ay nasa tamang lugar na ang mga materyales sa ibabaw ng working table at ang mga unnecessary equipment and jigs naman ay dagling nasinop. Maging ang mga wrist straps na kanina lang ay nakalawit sa braso ay naka-hook na ngayon sa ground wire.

Iyon ang impact ng presence ng bagong dating sa kalipunan ng mahigit limampung operator ng linyang iyon at marahil ay sa halos lahat ng production operators ng planta.

Napataas ang isang sulok ng bibig ni Francis sa sariling obserbasyon. Mayamaya ay hindi niya namalayang tuluyan na siyang napangiti. Sinundan niya ng tingin ang bawat pagkilos ng babae habang iginagala nito ang paningin sa loob ng napakalawak na air-conditioned room.

“Sir, ’yan si Ma’am Anji,” untag sa kanya ng kasamang machine technician. Napansin siguro nito ang pag-focus ng atensyon niya sa bagong dating sa halip na sa wave soldering machine na kanina ay paksa ng kanilang usapan. “Ang pinakamaganda at pinakamatatag sa mga QA ng *Jin-Xiang Electronics*.”

Hayaan mo, Sir Francis, ipapakilala kita mamaya sa kanya. Mabait naman si Miss Jimenez, istrikta nga lang pagdating sa trabaho.”

“Masyado bang perfectionist, Emil?”

“Sa trabaho lang ho. Pero sa labas ng planta, magaling naman siyang makisama.”

“May boyfriend na ba siya?” Ang alam lang ni Francis ay dalaga pa ito, pero kung may nobyo o wala ay hindi niya alam. Huli na nang maisip niya ang implikasyon ng tanong. Nanunuksong nginisihan siya ng kausap.

“Patay tayo diyan, Sir. Mukhang tinamaan ka kaagad ng palaso.”

“No,” mabilis niyang tanggi. “Curious lang ako kung paano nakapasa sa mataas na standard ang manliligaw niya.”

“Ah,” ani Emil na may kasamang tango. “Wala akong balita kung tali na siya o hindi pa. Ang alam ko lang, marami pa ring nagbabaka-sakali hanggang ngayon.”

Halos nasa dulo na ng linya ang pinag-uusapan nilang dalaga nang humakbang ito pabalik. Tila may na-sensor ang mga mata nitong waring

nakaprograma para makita ang mali. Maingat nitong kinuha sa motherboard ang nakitang hair strand at pansamantalang pinatigil ang conveyor ng linya.

“Kesehodang bagong rebond ang mga buhok ninyo, i-ponytail ninyo ’yan at ipaloob sa bandana,” narinig nilang sabi nito sa ma-awtoridad na tinig. And then she delivered a quick lecture about the big effect of a single hair strand on the quality of their product. ”Station 6 operator, sa maling cable naka-hook ang ground strap mo. Station 15, wear finger cots please.”

You haven’t changed, Andrea. Everybody must abide by the rules, ani Francis sa sarili.

“Ang lupet talaga ng mata ni Ma’am Anji.” Bakas ang paghanga sa pangungusap ni Emil. “Ituloy na natin ang discussion, Sir, baka masita pa tayo dito.”

Muli nilang hinarap ang makinang may kapasidad na makapaghinang ng libu-libong motherboard sa loob lang ng isang araw. Kung tao ang magso-solder manually ay tiyak na buwan ang aabutin.

Sumingaw ang amoy ng natutunaw na soldering iron nang buksan ni Francis ang side window ng machine.

“Hindi ba masama sa baga kapag nalanghap ang

amoy ng chemical na ito?”

“Lead-free naman po ’yan. Pero siyempre may health hazard pa rin kahit paano. Kaya nga required PPE sa area na ito ang face mask,” anang machine technician.

“At wala tayong Personal Protective Equipment na suot,” komento niya. *Kaya naman pala halos gusto mo nang tumalilis nang makita mo pa lang ang bumbunan ng QA.*

“Okay lang, Sir. Kapag nasita, sasabihin ko na lang na napadaan lang tayo rito at papalabas na rin ng production area.”

Muli niyang isinara ang bintana, subalit naroon pa rin ang slight odor ng kemikal. Ipinakita sa kanya ng kasama kung paano nag-wo-work ang touch screen panel board ng wave machine at kung paano i-set up kapag recycled o bago ang gagamiting soldering iron. Kasunod nilang tinalakay ang tungkol sa electrical wirings nito.

Electrical Engineering ang kursong kinuha ni Francis noong kolehiyo pero hindi niya iyon natapos. Business Management kasi ang gusto niya at napilitan lang siyang kunin ang EE para mapagbigyan ang kahilingan ng kanyang ama. Obsesyon nitong maging

isang matagumpay na engineer sa larangang iyon ngunit hindi pinalad.

At ngayon ay muli niyang pagbibigyan ang kagustuhan ng ama.

Ang natural ingenuity nito sa electronics at ang kanyang kakayanan sa pagnenegosyo ang magka-team up ngayon. Ang original designs at layout nitong motherboard ay kinuhanan nila ng patent o exclusive right at ipinarehistro sa *Security of Exchange Commission*.

Unang multimillion client nila ang *Jin-Xiang Electronics* at kapag nag-click ang proyekto ay bibilhin nito ang patent ng disenyo ng motherboard. Mahina ang isang milyong dolyar sa bentahan ng patented products ngayon. Mahigit triple ang balik ng kanyang puhunan kung susuwertehin.

Enclosed sa pinirmahan nilang kontrata na sasagutin ng *Jin-Xiang Electronics* ang production machineries at manpower habang charge naman sa kanya ang salary ng line engineers at mga materyales na ima-mount sa board tulad ng diode, resistor, capacitor, IC, PCB at kung anu-ano pa.

“Sir, sa gawi doon ang components preparation area,” ani Emil nang malapit na sa kanila ang

pinangingilagang QA. Alerto itong huwag masita.

What the heck! At bakit pati ako kailangang mangilag sa kanya? Medyo hindi nagustuhan ni Francis ang sitwasyon. Gayunpaman ay hindi na siya nag-react. Gagawin niya ang lahat para sa ikaaayos ng flow ng proyekto at upang matiyak ang tagumpay nito—para na rin sa kanyang negosyo at lalong higit para sa living legacy ng kanyang ama.

2

Mayamaya pa ay nahalinhan ng mabining amoy ang nalalanghap niyang tunaw na panghinang—it was a mild and sweet feminine scent that he once knew so well.

10.21? Tinukoy niya sa isip ang branded na pabango. Sikat at best seller locally ang perfume na iyon, pero may iisang tao lang siyang naaalala kapag naamoy ang nasabing scent. Pasimple siyang lumingon para alamin kung kanino nanggaling ang amoy na iyon.

No wonder. Hindi na niya ipinagtakang makita si Anji sa di-kalayuan sa kanila. Napadaan ito sa tapat ng air conditioning unit kaya humalo sa hangin ang perfume nito. *Floral scent remains her favorite.* If there was a woman who had the effect to tickle his imagination with just her mere scent, it was his distinctive ex-girlfriend.

Halos maglakbay na ang isip niya sa nakaraan nang magsalita ang kanyang kasama.

“Sir, palapit na si Ma’am Anji. Sibat kaya muna tayo?”

Bago pa man siya makatugon ay napansin na sila ng QA.

“Good morning, Sirs,” magalang na bati nito para pukawin ang kanilang atensyon. “Mind if I ask you to wear—” Naudlot ang iba pang sasabihin nito nang mapagsino ang nasa harapan.

Well, at least, she can still recognize me easily. Nangunot ang noo nito at napatitig sa kanya nang ilang sandali. Bakas sa mukha nito ang pagkabigla sa hindi inaasahang pagtatagpo nila.

“Good morning too, Ma’am,” kaswal niyang tugon sa pagbati nito.

Bahagyang ngumiti ang dalaga ngunit dagli ring naglaho at pagkatapos ay tila nag-apuhap ng sasabihin. Walang anumang katagang lumabas sa bibig nito maliban sa ‘Hi’ na bahagya lang narinig. Mas lamang pa ang pag-aalangan kaysa sa tonong pagbati sa isang taong matagal hindi nakita.

Hindi tiyak ni Francis kung ano ang nababasa niya sa facial expression ni Anji. *A spark of gladness? But for what and why?* Sa bandang huli ay ipinagpalagay na lamang niyang produkto iyon ng kanyang imahinasyon at malamang naipagkamali niya sa pagkagulat at confusion.

“Kumusta, Ma’am Anji?” Tinangka niyang simulan ang isang friendly conversation. “Kung hindi ako nagkakamali, nasa mahigit limang taon na mula nang huli tayong magkita. Am I right?”

“Tama ka. But please, just call me ‘Anji’.”

Muli silang natahimik. Sa pagitan ng mga sandaling iyon ay nagkahulihan sila ng tingin, subalit kaagad nagbawi ng tingin ang dalaga na tila may inililingid sa kanya. She seemed on edge and uncomfortable.

“Still Anji Jimenez or Mrs. Anji Something?” Isa lang iyong confirmatory question. Gusto niyang marinig sa mga labi mismo ng dating nobya na wala pang nagmamay-ari rito.

“Still Miss Jimenez,” she humbly said.

“Wala pa ring nakakapasa sa standard kung gayon. Puro ba may defect kaya considered as reject?” Unang attempt niyang biruin ito. At hindi naman siya nabigo pagkat tunay na ngiti na ang nasilayan niya sa mga labi ng dalagang walang anumang bahid ng lipstick.

“Hay naku, Francis Buencamino! Hanggang ngayon ba naman, hindi ka pa rin nagbabago?” naiiling na komento nito. Her eyes were twinkling.

Mukhang nakabawi na ito sa kabiglaan, subalit naroon pa rin ang uneasiness. “Pero bago tayo magkalimutan, gentlemen, please wear your masks.” Biglang nagkaroon ng awtoridad sa tinig nito.

It is you who haven't change after all, Anji. Makakalimutan mo ang lahat pero hindi ang mga rules, anang binata sa isip.

“Magkakilala pala kayo, Sir?” agaw ni Emil

“Magkakilalang-magkakilala,” he said with an unconscious pride.

“As in? Close kayo dati?” kulit nito.

“As in. And she was my—”

“Schoolmate and family friend,” agap ni Anji

Ikinahihiya kaya nitong naging magkasintahan sila once in her life?

Kanina pa naaalibadbaran si Anji kay Shirley, ang executive assistant ni Francis na nakabuntot kay Sir Randy. Itino-tour nila ang mga bisita, soon-to-be the company's business partners, sa buong planta. Mukha namang mabait ang babae, friendly pa nga siya nitong binati kanina nang ipakilala sila sa isa't isa.

Kay babaw naman yatang dahilan kung dahil lang ipinasuot dito ang kanyang ESD slippers ay mainit na kaagad ang dugo niya sa babae. Hindi rin niya matanggap na rason na kaya siya naiinis dito ay dahil sa kapal ng kolorete nito sa mukha na mahigpit na ipinagbabawal sa pupuntahan sana nilang dako. Kung tutuusin ay ito pa nga dapat ang mainis sa kanya dahil hindi talaga niya pinayagan na makapasok ito sa SMT Room na isang dust-free zone. Maselan ang mga PCB na naroon kaya ultimong alikabok mula sa cosmetic powder ay bawal.

Ah, alam ko na, dahil naiirita ako sa bloody red niyang lip color. Kung maka-Anne Curtis ng lipstick, akala mo sa Showtime pupunta at hindi sa planta ng electronics. Pasimple pa niya itong sinulyapan sa gilid ng kanyang mga mata. Hindi na ito nakabuntot kay Sir Randy, manapa'y nakahawak sa braso ni Francis na animo konsorte nito ang lalaki.

Bigla ay parang ibig niyang gumawa ng impromptu regulation. *Bawal ang PDA sa loob ng planta!*

“Anyway, Francis,” tinig iyon ng kanyang boss, “advise your team to be here before seven in the morning tomorrow. Ayaw ni Anji ng pahuli-huli.”

Napatigil siya sa paghakbang. *No way! Ayokong*

mag-orient sa kanila. Sa ilang minuto nga lang na paghaharap nila kanina ng kanyang ex-boyfriend ay hindi na siya mapakali. How much more kung apat na oras siyang tatayo sa platform at si Francis ang audience? That would be a torture for her.

“Sir, Sabado po bukas,” paalala niya rito sa kanyang Saturday privilege. “Pero may pasok naman po ’yung mga QA na naka-assign sa linya.”

“Mas maganda kung ikaw ang makikita nila bukas. You will be joining the *Project Victoire Team*, remember?”

Naalala niya noong ipinatawag siya ng Taiwanese plant manager at ibinigay sa kanya ang task na maging official QA ng *Project Victoire*. Kaagad niya itong tinanggap dahil hindi niya alam na si Francis ang makakatrabaho niya.

Kung makatitig pa naman ito sa kanya kanina ay parang... parang may galit pa rin—nagbiro ito sa kanya kanina, pero deep inside her ay alam niyang truth spoken in jest iyon. May kasalanan siya rito at hindi naging maganda ang paghihiwalay nila ng dating kasintahan.

Hindi niya mabigyang interpretasyon ang nadamang emosyon kanina at lalo ngayon—gusto

niyang hablutin ang braso ni Francis na hawak-hawak ni Shirley!

Hindi ako nagseselos. Naiinis lang ako dahil mali 'yon. May asawa at anak na si Francis at hindi na dapat ito nasusumpungan sa mga intimate gestures maliban sa asawa nitong si Hazel.

“Yes, Sir. Pero...” Ah, sana pumayag na lang siyang makipag-date sa suitor na Tsekwa. Mas nanaisin pa niyang ma-bore kasama ito kaysa matunaw sa mga titig ni Francis.

“Last na 'to, Anji. Kapag nag-run na ang *Project Victoire*, mas magiging busy ka na. By then mag-a-assign na ako ng bagong lecturer.”

Her boss would not take no for an answer. Pero may isa pa siyang alas at alam niyang hindi ito makakatangi. “Sir, Lu-Chen is inviting me out for tomorrow.”

Hindi pa man niya halos natatapos ang pangungusap ay lumapad na ang pagkakangiti nito.

“Talaga? Finally, you gave in!” masayang pahayag nito, parang sabongerong llamado ang manok.

“Pero, Sir, next time na lang po siguro. Duty call first,” nagpapahabol niyang tugon.

“No, you must go. Tama ka, nagkalat naman ang mga QA dito sa planta na p’wedeng gumawa ng task mo.” Nagmamalaki pa nitong ikinuwento sa mga bisita na ito ang tulay ni Engr. Hsi para mapalapit sa kanya.

Nakaiwas siya kay Francis pero hindi kay Lu-Chen.

May my fairy godmother help me get through with it.

“Gusto mong makita ang latest picture ni Franzel, Ma’am Anj?”

Kanina lang sila nagkakilala ay feeling close na kaagad sa kanya si Shirley. She noted ‘Anj’. Ipinagtataka rin niyang parang matagal na siyang kilala nito.

“Sinong Franzel?” kunot-noong tanong niya. Wala na ang iritasyong nararamdaman niya para rito kanina.

“Ano ka ba, Ma’am, bakit hindi mo kilala si Franzel? Siya lang naman ang super-duper cutie-pie son ni Chiz,”

Muli siyang napamaang sa binanggit nitong

pangalan. Sino kaya ang Chiz na binanggit nito? “Chiz Escudero?”

“Si Ma’am talaga. Akala ko pa naman seryosong tao, joker din pala,” bungisngis nito, sabay tapik sa kanyang brasong nakaunat sa conference table. Dito na sa Team Building Room nagtuloy kanina ang buong team pagkatapos ng maikling tour sa pinakapuso ng planta, ang production area.

Sigurado siya na makakasundo niya ang kikay na executive assistant ni Francis basta huwag lang itong masyadong makadikit-dikit sa amo. She condemned public display of affection lalo na kung extra-marital affair.

Matapos i-disconnect sa projector ay iniikot ni Shirley ang laptop paharap sa kanya. Pormal na natapos ang conference at camaraderie talk na lang ang pag-uusap ng mga big bosses sa loob ng silid na iyon.

Tumambad sa paningin ni Anji ang picture ng hubad-barong batang lalaki sa gilid ng swimming pool.

“O, di ba ang cute! Bagay na bagay sa kanya ng pinaghalong pangalan ng father niya at ni Hazel. Mix na mix sa kanya ang Buencamino at Castillo genes.”

So, ito pala ang anak ni Francis... Sa unang tingin ay hindi mapapansin na kamukha ng ama ang bata. Siguro dahil sa may pagkataba ito samantalang si Francis ay matipuno at walang excess fats sa katawan. Mukhang alaga pa rin sa gym ang pangangatawan nito.

He could have been my son. Nakaramdam siya ng panghihinayang sa naisip. Kasunod na ipinakita ni Shirley ang picture ng mag-anak. Maganda si Hazel pero sa tingin niya ay masyado itong slim at mukhang hamak na mas bata kay Francis. “Ilang taon na siya?”

“Seven.”

“No, I mean si Hazel.” *Seven? Limang taon pa lang ang nakalilipas mula nang mag-break kami, ah. Teka, ibig sabihin noong naging kami, anak na niya si Franzel?* Instantly, she felt cheated. Guilty pa naman ang drama niya sa pakikipaghiwalay rito, noon pala ay niloloko lang siya. Matalim ang tingin na ipinukol niya sa minahal na ex. Mabuti na lang at concentrated ito sa pakikipag-usap at hindi siya napansin.

“Ah, akala ko si Franzel. Bata pa si Hazel, six years younger than her husband,” tugon ni Shirley na may bahid ng panghihinayang. Mukhang pinanghihinayangan nito ang marital status ng amo. “Wait, Ma’am Anj, hindi ba nabanggit sa ’yo ni Chiz

ang mag-ina noong kayo pa?”

Magiging kami ba kung ipinagtapat niya sa akin ang tungkol sa kanila? “Shh...” kaagad niyang sawata sa sinasabi nito. Ayaw na niyang maalala na minsan ay nabaliw siyang umibig kay Francis at pagkatapos ay sakit lang ng loob ang natamo niya.

Sinuway niya ang patakaran ng mga magulang sa pakikipagnobyong dahil kay Francis at muntik pang ito ang piliin niya nang papiliin siya ng kanyang ama.

3

“Anji, pagsabihan mo nga iyang kapatid ninyong bunso. Kay bata-bata pa’y gusto nang makipagnobyong,” salubong ng mama ni Anji sa kanya pagdating na pagdating niya mula sa trabaho nang hapong iyon.

“Ma, bakit naman ako pa?” aniya habang malambing na yumakap dito pagkaabot ng pasalubong na buko pie. Lingguhan lang siyang umuwi sa bahay nila sa Quezon City. Mula Lunes hanggang Biyernes ay nasa Laguna siya dahil doon nalipat ang bagong planta ng *Jin-Xiang Electronics* na dating nasa pusod ng Cubao. “Baka sabihin sa akin ni Nica, ‘look who’s talking’,” birong-totoo niya, sabay sulyap sa nakabusangot na kapatid.

Fourth year high school na ito at walong taon ang agwat ng edad nila. Gayunpaman, close pa rin sila dahil magkasunod na lalaki ang pagitan nilang dalawa.

“Pinagsabihan na rin siya ni Hannah pero hindi pa rin nakinig. Baka ’ika ko’y kapag ikaw ang nagpayo ay makinig na.”

Si Mama naman, gusto pa yata akong gawing

testimonial endorser! Kung sa Ate Hannah nga niyang pinakauliran sa kanilang anim na magkakapatid ay hindi sumunod, sa kanya pa kaya? Hindi lingid sa kanyang mga kapatid ang nagawa niyang paglabag noon sa batas ng kanilang papa—‘Kapag pinag-aaral, mag-aral. Bawal ang boyfriend.’

Paano ko pagpapayuhan ang batang ’to? Nica, don’t do that. Tingnan mo ang napala ko, blah, blah, blah... hay!

“Mama, hindi pa naman ako magbo-boyfriend. Bawal na bawal pa, di ba? Nanliligaw pa lang si Karl.”

“Saan ba ang tuloy ng mga ligaw-ligaw na ’yan, hindi ba’t sa pakikipagnoby?” argumento ni Aling Alicia sa anak in her all-knowing-mother tone.

“Hindi n’yo ako naiintindihan, eh,” katuwiran ng bunso. Lalong nanghaba ang nguso nito at may kasama pang padyak ng paa.

Naiintindihan ni Anji ang sentimyento ng kapatid pero may punto rin naman ang mga magulang nila. “Nica!” saway niya sa kapatid, sabay pinandilatan ito. “Nasasanay ka na sa ganyang actuations mo, ha. Mamaya niyan marinig ka ni Papa.” Noong mga bata pa sila ay hindi nangingilag mamalo ng sinturon ang kanilang ama kapag sila ay dinidisciplina. “Alam na

ba ni Papa na may boyfriend ka na?”

“Hindi ko nga siya boyfriend at saka wala akong balak na sagutin si Karl.” Hindi na nito maitago ang iritasyon sa tinig.

“Naku, malapit na akong mayamot sa batang ito,” anang ina nila, sabay tayo. “Kapag nakarating sa ama mo ’yan, bahala ka. Don’t say I didn’t warn you, Nica.” Pagkasabi niyon ay dinampot na nito ang lesson planner na sinusulatan kanina pa. Bitbit ang buko pie at notebook ay nagtungo na ito sa kusina. Habit na ng ina mula pa noong mga bata sila na magsulat ng lesson plan sa dining table habang nagluluto sa kusina.

“Sesermunan mo din ba ako na parang si Ate Hannah?” nakahalukipkip na tanong ni Nica. “Para namang pagkalaki-laking kasalanan na ang nagawa ko. Kasalanan ko bang attracted sa ’kin ’yung tao?” Halatang may kinikimkim na tampo ang dalagita nilang bunso.

“Sesermunan lang? Ano ka, sinusuwerte?” Kausap niya itong parang isang kabarkada lang. “Gusto kaya kitang ibitin nang patiwarik, alam mo ba ’yon, Niña Cassandra Jimenez? Aba, napakabata mo pa’y marunong ka nang maglandi.” And then, she winked at her little sister.

Kaagad nagliwanag ang lukot nitong mukha nang magkaunawaan sila sa tingin. Para itong api-aphang bata na nakahanap ng kakampi. Kaagad na tumayo si Nica mula sa pagkakaupo sa sofa at ngayon lang nakaalalang salubungin siya ng yakap.

“I missed you, Ate Anji,” bulong nito na sumulyap pa sa gawi ng kusina. “Buti na lang may kakampi pa pala ako.”

“Tara sa kuwarto, kuwentuhan mo ako ng tungkol sa Karl na ’yan. Guwapo ba?”

Mula sa pagiging kabarkada ay nag-shift sa pagkaate ang paraan ng pakikipag-usap niya kay Nica. Nakuha na niya ang loob nito at napapaniwalang she was on her sister’s side.

Nakikini-kinita niyang hindi magtatagal at mapapasagot ng tinamaan ng magaling na Karl na iyon ang baby sister niya. Base sa observation niya sa paraan ng pagkukuwento ni Nica ang kanyang forecast. Mukhang in love nga ito. Years ago ay pinagdaanan na niya ang pinagdadaanan ng kapatid. Parang naulit lang ang scenario—si Nica sa lugar niya at siya sa lugar ng Ate Janeth nila.

“Dati-rati hindi ka makabasag pinggan. Pero nang

makilala mo si Francis, natuto ka na ring maglandi!” kinikilig na reaksiyon ni Janeth, ang panganay nilang kapatid. They were having a girls’ talk at ka-conspire niya ito sa binabalak na pakikipagnoby.

Wala ang kanilang mga magulang kaya malaya silang makapagkuwentuhan sa kanilang kuwarto. Si Hannah, ang sumunod kay Janneth, ay hindi niya maintindihan kung interesado sa ikinukuwento niya dahil hindi naman nito mabitawan ang binabasang libro.

“Wala na bang ibang word para doon kundi ‘landi’ lang talaga?” tanong niya sa kanyang Ate Janeth habang tila nangangarap na yakap ang unan. Sa isip ni Anji ay walang ibang umookopa maliban sa guwapong mukha ng kanyang first ever major-major serious crush. Ni hindi nga siya makaisip ng tamang termino para sa landi.

“Okay na ’yun, Anj. Malandi na kung malandi, sa in love ka, eh.” May nalalaman pa itong impit na tili pagkatapos ng litanya. “Natatandaan mo ba ’yung linya ni Kris Aquino sa soap opera nina Kim at Gerard?”

“Hindi.” At hindi rin siya interesado roon. Kasalukuyang nagpe-playback sa utak niya ang scenario kaninang sumama siyang mamasyal kay

Francis sa mall.

“Ganito ’yon... Tumikhim muna ito bago nagpatuloy, ‘Hindi po ako lumandi, nagmahal po ako—” Bago pa man nito madagdagan ang dialogue ay kaagad na itong binara ni Hannah.

“Ate Janeth, tigilan mo na ’yang kakapanood ng soap opera. Kung anu-ano ang napupulot mo. Pati kay Anji ay ipinapasa mo pa.”

Pare-pareho na silang nasa kolehiyo pero nag-aaral sila sa iba-ibang eskuwelahan. Iba-iba kasi sila ng choice. Nag-aaral sa UP Diliman si Hannah kaya binansagan ito ni Janeth.

“Tigilan mo na rin ang kababasa nito, Hannah the scholar.” Hinablolot nito ang librong sa cover pa lang ay may nakasulat nang Josef Stalin, Che Guevarra, Adolf Hitler at iba pang mga pangalan na hindi na pamilyar sa kanya. “Mahahawa ka sa mga ’to. Isipin mo, sundalo si Papa ’tapos ikaw nasa kabilang panig ng gobyerno.”

“Binabasa ko lang pero hindi ibig sabihin, isasabuhay ko na ang mga prinsipyo nilang pinaniniwalaan.” Nakairap na muling kinuha nito ang libro.

“That’s it! Addict lang ako manood ng soap pero hindi ibig sabihin ay gagawin ko na rin kung ano ang napapanood ko.”

Patuloy na nagdiskusyon ang dalawang nakatatandang kapatid pero hindi na nakisali si Anji. Opposite poles ang mga ito, medyo adventurous si Janeth at si Hannah naman ay conventional. Noong mga bata pa sila ay mas madalas niyang makasama ang pangalawa dahil isang taon lang ang agwat ng edad nila. Kaya ayon kay Janeth ay nahawahan siya ng ugali ni Hannah.

Hindi siguro, lahat naman sila ay may unique individuality. Maybe it was just that they were both comfortable to be guided by rules.

“Kung ’yan ang paniniwala mo, Ate Janeth, bahala ka. Huwag mo na lang sanang impluwensyahan si Anji. Sa halip na bawalan mo siyang sagutin ang manliligaw, inuudyukan mo pa,” ani Hannah.

“Walang masama sa pakikipag-boyfriend. Si Papa lang naman ang maraming restrictions,” katuwiran ni Janeth.

“Meron. Hindi lang dahil sa KJ si Papa kundi dahil may mas malalim na dahilan.”

“Masyado kasing advance ang iniisip nila. Nag-boyfriend lang, mag-aasawa na kaagad, mapapabayaang ang pag-aaral, mabubuntis, etcetera.”

“Preventive measure para hindi makapag-asawa

nang wala sa panahon kaya tayo pinagbabawalang makipagnobyong kahit legal age na tayo.”

Para sa kanya ay may point si Hannah, pero mas gusto niyang panigan si Janeth.

“Parang chain reaction lang ’yan—”

“Stop! Nag-abogada ka na lang sana.” Nagtatawang nagtakip ng unan sa magkabilang tainga ang panganay, sabay higa sa kanyang tabi. May warning na ito sa kanilang ama na kapag hindi pa hiniwalayan ang nobyong ay patitigilin na sa pag-aaral.

“Andrea...” baling sa kanya ni Hannah. Binitawan na nito ang binabasang libro. “Listen to me. As I’ve said, parang chain reaction lang ’yan. As simple as cause and effect...” Alam niyang gusto lang silang i-guide ng parents nila para mapabuti ang kanilang buhay. “Maiiwasan mong maging unwed mom kung hindi mo ie-engage ang sarili sa premarital sex. Maiiwasan mong makipag-premarital sex kung hindi ka muna magboyfriend. At ang benefit pa noon, concentrated ka sa pag-aaral, higher grades... at saka, what’s the point of committing yourself to someone kung hindi pa naman kayo p’wedeng magpakasal dahil nga nag-aaral pa kayo?”

She completely understood Hannah but she could

not think rationally at the moment. She could totally forget all those rules everytime Francis was so close to her. Kahit siguro sabihin nitong sabay silang tumalon sa bangin ay baka mapaoo siya.

Anji stared at Hannah and tried to absorb all the good words she was telling her as if she knew that in the future she would be saying the same words to their youngest sister.

“Siyempre, dahil i-co-commit mo na ang sarili mo sa kanya, kasama na doon ang time. Lalabas kayo exclusively at pagkatapos mate-tempt kayong mas maging intimate sa isa’t isa...” Believe me. I’ve been there. “... see my point, Nica?”

“Paano kung humanap na lang siya ng iba dahil pa-hard to get pa ako?”

“Tbig sabihin lang noon hindi siya loyal sa ’yo or worse, hindi ka niya talaga mahal.”

“Ganoon ba ’yon?” tila diskumpiyadong pahayag ng dalagita. “Parang si Kuya Francis, hindi nakatiis?”

Pakiramdam ni Anji ay may malalim siyang sugat na hindi sinasadyang nasaling ng kapatid dahil sa sinabi nito. Parang inamin na rin niyang hindi pa

naghihilom ang sugat sa kanyang puso.

“At bakit napasali si Francis sa usapan? Ikaw ang subject at si Karl ang predicate sa topic natin.”

“Ate, bago nagkaroon ng present tense, past tense muna,” makulit na hirit ni Nica. “At saka bakit in-example mo sa akin ang love story nina Ate Janeth at Ate Hannah ’tapos ’yung sa ’yo, hindi? Unfair.”

Tama. Bakit nga ba hindi niya gamiting ehemplo sa kapatid ang manloloko at palikerong ex? Ilang araw niyang iniyakan ang breakup nila, ilang taon din siyang na-guilty sa naging treatment niya rito at pagkatapos ay kanina lang niya nalaman na pinaglololoko lang pala siya nito noon. Gaano kasakit ang gayon!

*That jerk! I really hate you, Francis Buencamino!
At may gana ka pang magpakita sa akin, ha?*

Hanggang ngayon ay hindi niya makalimutan iyong araw na nabasa niya sa pahayagan ang kasal ni Francis. Nangako itong hihintayin siyang maka-graduate pagkatapos ay nabalitaan na lang niyang nagpakasal na ito sa iba... hindi man lang nagpasintabi. Pero okay na sana, pinag-aralan na niyang tanggapin na may pagkukulang din siya. Ang kaso, nalaman niya na may anak na pala ito during

the time of their secret relationship.

Sinong babae ang matutuwa sa gayong sitwasyon?

“Sabihin na natin sa inyo ang tungkol sa real status ng relationship natin, Anj.”

“Ayoko nga!” Bigla niyang nabawi ang kamay niyang hawak-hawak ni Francis mula pa kaninang pagpasok nila sa loob ng sinehan. “Para mo na rin sinabing huminto na ako sa pag-aaral kapag sinabi mo kay Papa na girlfriend mo na ako.”

Ayaw niyang matulad sa kanyang panganay na kapatid na tuluyang pinatigil sa pag-aaral matapos mabisto ng kanilang ama. Nakapasok lang ito muli nang mangakong hihiwalayan na ang nobyo. Pero ilang buwan lang ang lumipas ay nabuntis na ito. Iyon ang ikinatatakot ng halos lahat ng magulang, kaya kung maaari ay huwag sana munang makipagrelasyon hangga’t hindi pa nakakatapos ng pag-aaral.

“Kailan mo naman ako ipapakilala sa inyo?”

Muli nitong hinawakan ang kanyang mga kamay at pagkuwan ay marahang hinagkan. Pakiramdam niya ay kay init ng mga labi nitong dumampi sa kanyang balat. Naramdaman niya ang tila mahinang boltahe

ng kuryente na nanulay rito at nakapag-disorient sa kanyang pag-iisip.

“Kilala ka na naman sa bahay. Ang lakas mo nga kay Mama, pinagkakape ka pa habang nakikipag-chess kay Papa.”

Malayang nakakapasyal ang binata sa kanila dahil binarkada nito si Julius, ang kapatid niyang sumunod sa kanya.

“Hindi ’yon.” He sighed as he put his arm on her shoulder. “Ang gusto ko, makilala nila ako as future member of your family.”

“Dalawang sem na lang ang hihintayin mo at graduate na ako,” saad niya.

“Matagal pa ’yon. Minsan tuloy naiisip ko, parang hindi mo ako totoong mahal.”

Naramdaman ni Anji ang pagbaba ng kamay ng nobyo mula sa kanyang balikat papuntang tagiliran niya. “Francis...” aniyang tiningala ito para sana ipaalala ang nauna nilang kasunduan, na mananatiling lihim ang kanilang relasyon, walang PDA.

“I know.”

Sa liwanag na nagmumula sa projector ay naaninag niyang nakangiti naman ang kasintahan.

“Patay na patay kasi ako sa ’yo, kaya kahit anong kondisyon ang gusto mo’y napapapayag mo ako.”

She smiled back. Hindi niya naiwasang haplusin ang mukha nito. As she touched his handsome face, their eyes met and all she could see and feel was Francis.

“Ipinagbawal mong manigarilyo, sumali sa frat... I quit. Pati lahat ng traffic rules and regulations, sinusunod ko basta ikaw ang nasa passenger side ng kotse. Nang maglayas ako, kahit anong pangungumbinsi sa akin ni Daddy para bumalik sa bahay ni Mommy ay hindi ako natinag. Pero ikaw...” Pabiro pa nitong pinisil ang ilong niya. “Isang salita mo lang nanginginig pa akong sumunod.”

Bata pa lang ang binata nang maghiwalay ang mga magulang nito. Ang custody nilang tatlong magkakapatid ay naipanalo ng ina sa korte.

“Nagrereklamo ka?”

“Hindi po, Kamahalan.” Naramdaman ni Anji na lalo siyang hinapit ng nobyo. Ramdam na niya ang init ng hininga nito at ang mabilis na pintig ng puso. “Ikaw ba, may reklamo?” he asked as he held her chin and angled it to meet his kisses.

My God! We are going to kiss... again. At alam niyang ang tanong na iyon ng kasintahan ay paghingi

ng permiso.

As a reply, she closed her eyes and impatiently waited for his lips to claim hers.

He was her first kiss, her mentor who introduced her to the delicious sensuality that she never knew before. She was surprised to discover how her feminine body reacted to his masculinity. She knew that she was crossing the line little by little but she dared not to stop.

With Francis right beside her, only him mattered.

“Mahal na mahal kita, Anji...” paanas na bulong nito nang saglit nitong pinaghiwalay ang kapwa uhaw nilang mga labi.